Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-41-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

PURPOSE COMPLEX SA BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, sa patuloy na pagtangkilik, pagkalinga, pagsusumikap at paglilingkod sa sambayanang Santa Rosa, Laguna ay muling maisasakatuparan ang isang malaon nang pangarap na makapagpatayo ng isang Multi-purpose Complex sa pamamagitan ng pagmumungkahi at pamamagitan ng Kagalang-galang na Kinatawan ng Unang Purok ng Lalawigan ng Laguna;

YAYAMANG, sa pamamagitan ni Kgg. Nereo R. Joaquin ay patuloy ang pagsulong ng kaunlaran sa bayan ng Santa Rosa, Laguna na nagpapakilala lamang ng taimtim niyang mithiin na maitaguyod ang mga simulain at pananagutan bilang kinatawan ng bayan sa pamahalaang pangnasyonal;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan at buong pagkakaisang sinang-ayunan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagkilala at pagpapaabot ng taos-pusong pasasalamat sa mahal na Kinatawang Nereo R. Joaquin na sa pamamagitan niya ay napagtibay ang palaang ₱1.2 Milyon upang maisakatuparan ang pagpapagawa ng isang Multi-purpose complex sa bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. XI-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan
ni Kag. Puzon)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LIMAMPU'T DALAWANG LIBO SIYAM NA RAAN AT LIMAMPUNG PISO (₱52,950.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa gastusin sa pagpasok sa "subscription agreement" ng pamahalaang bayan sa MANILA ELECTRIC COMPANY upang maisakatuparan ang pagpapailaw sa bagong Diversion Road ng pamahalaang bayan na kinikilala bilang Project No. SA-19503.

IPINASIYA din na ang salaping gugugulin sa proyekto ay magmula sa 1991 Municipal Budget.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 217-'91
PROVINCIAL BOARD
Abril 10, 1991

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
ERIC T. PUZON, Kagawad
URIEL M. MANGAHIS, Kagawad
ADELO T. PEREZ, Kagawad
AVELINA R. GIRONELLA, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad
REYNALDO G. ENTENA, Kagawad
ALICIA C. LAZAGA, Kagawad
RANON G. MARCELO, Kagawad